

RAGASA NG BUFFALO: Kuwento at Pakikibaka ng Bukidnon Free Farmers and Agricultural Laborers Association

**Celeste Francisco Vallejos
Reginald S. Vallejos**

This article is a documentation of community organizing written from the point of view of the peasants of BUFFALO in Bukidnon. It shares the struggles of a peasant organization in building and sustaining collective actions in pursuit of genuine agrarian reform. BUFFALO celebrated its 21st founding anniversary on February 2008. Two decades of struggle taught them that through militancy and collective action, they can overcome any challenge that will come their way. This documentation also reflects BUFFALO's own assessment of their organization and the lessons they learned from their two decades of organizing work.

PANIMULA

Sa isang agrikultural na bansa katulad ng Pilipinas, kahirapan ng mga mamamayan ang pangunahing problemang patuloy na hinahanapan ng lunas. Hindi maitatanggi ang katotohanang kalakhan ng mga mamamayan ang naghihirap sa kabila ng mga sinasabi ng pamahalaan na bumubuti ang

kalagayan ng mga Pilipino. Sa isang pag-aaral na isinagawa ng Center for Women Resources (CWR, 2007), tinatayang 9.8 milyong pamilya o 6 mula sa 10 pamilya ang nabubuhay sa matinding kahirapan. Dagdag pa dito, hindi sumasapat ang sahod na natatanggap ng mga manggagawa para sa pang-araw-araw na gastusin. Ang minimum na sahod kasama ang COLA na tinatanggap ng mga manggagawa sa National Capital Region (NCR) ay P362.00, di hamak na maliit sa tinatayang P806.00 na kailangan sa arawang gastos sa NCR (Ibon, 2008).

Kalakhan ng populasyon ng Pilipinas ay mga magsasaka. Ayon sa pagtaya ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) ito ay aabot sa 70 hanggang 80 porsiyento. Sila ay kabilang sa mga ikinukonsiderang mahihirap sa ating bansa. Ngunit iba ang istadistikang ito sa ipinapalabas ng pamahalaan. Katulad na lamang ng sarbey na isinagawa ng National Statistics Office (NSO) noong 2006 kung saan ipinakikita nito na tinatayang mahigit 33 milyong Pilipino ang ikinunsiderang nagtatrabaho. Sa 33 milyong manggagawa, mahigit 12 milyon o 37% ang nagtatrabaho sa sektor ng agrikultura, 5 milyon o 15% ang empleyado sa mga industriya, at mahigit 16 milyong Pilipino o 49% ang bahagi ng sektor ng serbisyo katulad ng transportasyon, komunikasyon, mga manggagawa sa hotel at mga kainan, kabilang na din dito ang mga maliliit na mangangalakal at mga may tindahan.

Sa pagnanais na iangat mula sa kahirapan ang mga magsasaka at itaas ng kaunti ang kanilang antas ng kabuhayan, nagpapatupad ang pamahalaan ng mga programa katulad ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) na ang layunin ay ipamahagi ang mga lupain sa mga magsasaka upang mapaunlad ang kanilang kabuhayan. Ayon sa mga datos na galing sa Department of Agrarian Reform, halos malapit na nilang makamit ang kanilang target na pamamahagi ng lupain. Batay sa orihinal na programa noong 1987, sasaklawin ng pamamahagi ng lupain ng CARP ang mahigit kumulang sa 10 milyong ektaryang lupain sa bansa. Ang

pamamahaging ito ay nahahati sa tatlong (3) bahagi. Ang unang bahagi o Phase 1 ay ang pamamahagi ng mga lupaing tinatamnan ng palay at mais (ayon sa PD27), mga lupaing nakatiwangwang o inabandona, mga lupaing narekober galing sa mga krony ni dating Pangulong Marcos, mga lupaing pag-aari ng pamahalaan, at mga lupaing ipinasok sa VOS o Voluntary Offer to Sell. Sa ikalawang bahagi naman o Phase 2, nakatakdang ipamahagi ang mga pampublikong lupain, mga lupaing saklaw ng Integrated Social Forestry (ISF), mga settlement, at mga pribadong lupaing may sukat na 50 ektarya pataas. Sa huling bahagi naman o Phase 3, ipapamahagi ang mga pampribadong lupaing may sukat na 5 hanggang 24 ektarya at 24 hanggang 50 ektarya. Sa Phase 1 aabot sa 1,454,800 ektarya ang maipapamahaging lupain, sa Phase 2 naman ay 7,387,900 ektarya at sa Phase 3 ay 1,352,900 ektarya. Ngunit sa kabila ng dalawampung taon na pagpapatupad ng CARP, nananatili pa ring pangarap para sa mga magsasaka ang magkaroon ng sariling lupang masasaka.

Ang kawalan ng lupain ay siyang pangunahing dahilan ng kahirapan ng mga magsasaka. Ang pagraratipika sa CARP bilang batas sa tulong ng Republic Act No. 6657 noong 1988 sa ilalim ng administrasyon ni Pangulong Corazon Cojuangco Aquino na may pangakong isusulong ang industriyalisasyon ay hindi natupad. Bagkus ang mga magsasaka ay patuloy na nagpoprotesta at nananawagan na ipatupad ang tunay na reporma sa lupa (Vallejos, 2007, p.81).

Para sa eksperto sa pag-aaral sa mga bansa na ang ekonomya ay nakabatay sa agrikultura at sa mga bansang mahihirap katulad ni Paul Harrison (1981), ang kahirapan sa kanayunan ay isang manipestasyon ng hindi pantay na distribusyon ng kita sa mga mamamayan sa kanayunan, na kinakatawan ng mga kaunting mga panginoong maylupa na kumokontrol sa malalawak na lupaing agrikultural at ng mga mahihirap at mas nakararaming magsasaka. Sa kanyang paghahambing sa kahirapang nagaganap sa mga

bansa na mahihirap, ipinakita niya ang ugat nito na nagmumula pa rin sa pagmamay-ari ng lupa ng sakahan. Ang di pantay na hatian ng mga biyaya mula sa lupa at ang tumitinding pagsasamantala ng tao sa kapwa tao ang siyang mga dahilan ng tumitinding kahirapan sa mga bansa, higit lalo sa mga papaunlad at mga naghihirap na bansa sa mundo (p.105). Ang malawak na pagkakaiba at pagkakahiwalay sa hatian ng kita sa kanayunan ay dahil sa kawalan ng lupa ng mas nakararami at konsentrasyon ng mga lupain na siyang pinagkukunan ng yaman ng isang agrikultural na bansa sa kamay ng iilan.

Ang ganitong kalagayan sa Pilipinas ang masasabing malapyudal na sistemang pang-ekonomiya ng bansa. Sa sistemang ito, patuloy na pag-aari at nasa kontrol ng maliit na bilang ng mga panginoong maylupa ang lupain ng bansa na siyang pinagkukunan ng ikabubuhay ng mayorya ng ating populasyon. Mula pa noong nasakop ang Pilipinas ng mga Kastila hanggang sa kasalukuyan tali pa rin ang karamihan ng mga mamamayan sa pagbubungkal ng lupa. Napanatili sa kamay ng iilang pamilya at mga dayuhang korporasyon ang malalaking parsela ng mga lupain, habang ang mga magsasaka ay nananatiling walang pag-aaring lupa. Sa kanayunan ang mga panginoong maylupa ang siyang nagpapasya kung ano ang nararapat na hatian sa produkto ng lupa, kung anong produkto ang dapat itanim, samantalang nanatiling maliitan, hiwa-hiwalay at atrasado ang produksyon ng agrikultura ng bansa. Sa kalagayang ito hindi naging matagumpay ang mga programa ng pamahalaan para sa pamamahagi ng mga lupain.

Patuloy ang tunggalian sa uri ng mga magsasaka at ng panginoong maylupa sa kanayunan, tunggalian na nagreresulta sa matitinding paglabag sa karapatang pantao at pagbubuwis ng buhay ng mga magsasaka. Sa ganitong kalagayan ang tanging solusyon ng mga magsasaka ay magkaisa at magbuklod, mag-organisa ng kanilang hanay upang mas lumakas ang kanilang boses at mapangalagaan ang kanilang mga karapatan, higit lalo sa kanilang karapatan sa lupa.

Makasaysayan ang papel ng mga organisasyon sa pagsusulong ng karapatan ng mga mamamayan at pagsusulong ng kaunlaran sa mga komunidad. Mahalaga ang papel ng pag-oorganisa sa pamayanan upang magdulot ng mga makabuluhang pagbabago sa lipunan. Ayon kay Dr. Angelito Manalili (1984), “Ang pag-oorganisa at pagpapaunlad ng pamayanang Pilipino ay nakatitik sa mga dahon ng kasaysayan ng ating bansa, mula sa mga balangay na malayang namumuhay noong unang yugto ng kasaysayan ng ating Inang Bayan at magpahanggang sa kasalukuyan, ito’y palaging bahagi na ng ating pagkilos para sa kaganapan ng ating pangarap na umunlad” (p. iii).

Ipinapakita ng papel na ito ang kahalagahan ng pag-oorganisa sa hanay ng mga magsasaka, at ang papel ng mga magsasaka sa pagsusulong ng pakikibaka para sa lupa at sa mga demokratikong karapatan ng mga mamamayan. Ang papel ay nahahati sa apat na bahagi. Ang unang bahagi ay nakatuon sa kalagayan ng mga magsasaka at ng repormang agraryo sa bansa, ang ikalawang bahagi ay ang pagbubuo at pagpapatakbo ng organisasyon ng mga magsasaka sa Bukidnon, ang ikatlong bahagi ang kasaysayan ng pakikibaka ng BUFFALO para sa lupa, at ang ikaapat na bahagi ay ang pakikibaka para sa sustenableng agrikultura. Upang maipakita ang kalagayan ng mga magsasaka at iugnay ito sa mga konsepto na bumubuo sa mahusay na pag-oorganisa, ginamit ng may akda ang mga sumusunod na pamamaraan ng pananaliksik at pangangalap ng mga datos: nakipagkonsultahan sa mga magsasaka ng BUFFALO sa tulong ng mga kinatawan at miyembro ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas upang linawin ang layunin sa pananaliksik; hiningi din sa kanila ang mga suhestiyon upang higit pang mapatibay ang gagawing pag-aaral at inilatag at pinangalanan ang mga taong maaaring kapanayamin. Nagsagawa rin ng pananaliksik mula sa ibang mga nailimbag na sulatin. Pagkatapos ng mga panayam ay nagkaroon pa ng mga konsultasyon upang higit na pinuhin ang pananaliksik.

UGAT NG PROBLEMA, WALANG LUPANG MASAKA

Ayon sa datos ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, humigit kumulang sa 9,500 panginoong maylupa ang nagmamay-ari sa halos 21% ng kabuuang lupaing agrikultural sa bansa (KMP, 2005). Samantalang mahigit 1 milyong magsasaka na nagmamay-ari ng kulang sa 3 ektarya ang naghahati-hati sa 18.5% ng lupaing agrikultural sa bansa. (Tingnan ang Talahanayan 1)

Talahanayan 1: Hatian ng Pagmamay-ari ng Lupa

Sukat ng sakahan (ektarya)	Bilang ng Nagmamay-ari	Kabuuang Porsiyento (%)	Sukat ng Lupain (ektarya)	Kabuuang Porsiyento (%)
Higit sa 50	9,466	0.46	1,854,179	20.79
24.1 – 50	20,353	0.99	654,828	7.34
15.1 – 24	48,376	2.35	912,790	10.24
12.1 – 15	33,929	1.64	454,953	5.10
7.1 – 12	158,879	7.70	1,451,412	16.28
3.1 – 7	414,209	20.08	1,934,289	21.69
Kulang sa 3	1,377,508	66.78	1,655,550	18.56
Total	2,062,720	100.00	8,918,011	100.00

Praymer sa Pambansang Kalagayan ng mga Magbubukid, KMP 2005

Ang monopolyo sa lupain ay makikita din sa lawak ng mga asyenda sa bansa na pinatatakbo ng mga pamilya at angkan ng mga panginoong maylupa. (Tingnan ang Talahanayan 2)

Talahanayan 2: Listahan ng mga Asyenda sa Pilipinas

Hasyenda / Panginoong Maylupa	Ektarya	Lugar
Danding Cojuangco Jr.	30,000	Negros, Isabela, Cagayan, Davao del Sur, Cotabato, Palawan
Hacienda San Antonio at Hacienda Sta. Isabel (Danding Cojuangco Jr., Faustino Dy, Juan Ponce Enrile)	13,085	Ilagan, Isabela
Nestle Farms	10,000 (sa kasalukuyan) 160,000 ang kanilang plano	Isabela, Cagayan, Compostela Valley, Agusan Sur
Floreindo Family (TADECO)	11,048 (kasama ang Davao Penal Colony)	Davao del Norte
Almagro Family	10,000	Dalaguete, Cebu
Dimaporo Family	10,000	Lanao
Hacienda de Santos	9,700	Nueva Ecija
Hacienda Banilad and Hacienda Palico (Roxas Family)	8,500	Batangas
Canlubang Sugar Estate (Yulo Family)	7,100	Laguna
Luisa vda de Tinio	7,000	Nueva Ecija
Hacienda Luisita (Cojuangco Family)	6,000	Tarlac
Escudero Family	4,000	Southern Tagalog
Andres Guanzon	2,945	Pampanga
Reyes Family	2,257	Southern Tagalog
Sanggalang Family	1,600	Southern Tagalog
Uy Family	1,500	Southern Tagalog
Palmares and Co. Inc	1,027	Iloilo

Praymer sa Pambansang Kalagayan ng mga Magbubukid, KMP 2005

Maliban sa mga lokal na panginoong maylupa, malawak din ang lupang plantasyon na hawak ng mga dayuhang korporasyon na tinatamnan ng mga produktong iniluluwas sa labas ng bansa. (Tingnan ang Talahanayan 3)

Talahanayan 3. Dayuhang Agro-Korporasyon na Kumukontrol ng Lupaing Agrikultural

AGRO-KORPORASYON	EKTARYANG SAKOP
DOLE Philippines	90,000
TADECO	55,000
Phil. Packing Corp.	44,000
Del Monte	20,000

Pinaghalawan: Kilusang Magbubukid Ng Pilipinas, 2005

Ang masaklap pa nito, sa itinutulak na pag-amyenda sa Saligang Batas o *charter change*, ipapasok rito ang probisyon sa pagbibigay ng sandaang porsyentong pagmamay-ari ng mga lupain at lupang sakahan sa mga dayuhan, indibidwal man o korporasyon.

Sa ganitong kalagayan sa kanayunan, reporma sa lupa ang palagiang pangako ng mga nagdaang mga administrasyon. Kinikilala nito ang kahalagahan na payapain ang isyu ng mga magsasaka at iwasan ang matinding kaguluhan bunga ng usapin sa lupa at para hanguin sa kahirapan ang masang Pilipino. Nais din nitong pataasin ang produksiyong agrikultural upang makapag-ambag sa pagpapaunlad ng sektor ng agrikultura at sa bansa.

Dala ng matinding inspirasyon sa Unang Pag-aalsang Edsa noong 1986, ang administrasyon ni Pangulong Corazon Aquino ay nagkaroon ng pahayag na ipapatupad at palalawakin nito ang programa sa reporma sa lupa sa buong bansa na dapat nasasalamín ang tunay na pagpapalaya sa mga magsasaka sa kamay ng mga panginoong maylupa upang sila ay maging tunay na nagsasarili at makabahagi sa mga gawain ng bansa. Ngunit kabaligtaran nito ang nangyari noong nagkaroon ng martsa ang mga magsasaka sa paanan ng Mendiola na nauwi sa madugong masaker na ikinasawi ng 13 katao noong Enero 22, 1987.

Kaagad na ipinanukala ang pagkakaroon ng isang programa na naglalayong basagin ang matagal nang monopolyo ng iilan sa mga lupain sa kanayunan. Naging sentrong programa ng administrasyon ni Pang. Aquino ang CARP. Naging batas ang CARP sa tulong ng Republic Act 6657, o ang Comprehensive Agrarian Reform Law noong 1988.

Sa ilalim ng CARP ang mga magsasaka at manggagawang-bukid ay makakatanggap ng pinakamataas na pagsasaalang-alang para sa pagtataguyod ng hustisyang panlipunan at para pakilusin ang bansa tungo sa matatag na pagpapaunlad sa kanayunan at industriyalisasyon at ang pagtatatag ng nagbubungkal na may-ari ng pang-ekonomiyang sukat ng sakahan bilang batayan ng agrikulturang Pilipino. (Salin ng may-akda. *Under the CARP the “farmers and farm workers will receive the highest consideration to promote social justice and to move the nation toward sound rural development and industrialization, and the establishment of owner cultivatorship of economic size farms as the basis of Philippine agriculture”*) (CARP, 1988, p.1)

Isa pang layunin ng CARP ay alisin sa tanikala ng lupa ang mga magsasaka. Nais din nito na magkaroon ng katarungang panlipunan at industriyalisasyon sa kanayunan. Hindi lamang ito mamamahagi ng lupa,

ipagkakaloob din nito ang ilang mga mahahalagang suporta sa mga benipisyaryo ng CARP. (Tingnan ang talahanayan 4 at 5)

Talahanayan 4: Rasyunal ng mga naunang batas sa reporma sa lupa

Mga Batas	Rasyunal
1. RA 3844 – <i>Agricultural Land Reform Code</i>	Batas na nagtakda ng programang ginawang nangungupahang magsasaka ang mga nasa ilalim ng pakikipanakahan
2. PD 27 – <i>Tenant Emancipation Decree</i>	Isinabatas ang pagpapalaya ng mga magsasaka mula sa pagkakatanikala sa lupa.
3. RA 6657 – <i>Comprehensive Agrarian Reform Law of 1988</i>	Batas para isulong ang katarungang panlipunan at industriyalisasyon.

Pinaghalawan : Vallejos, 2007

Ang CARP ay may tatlong susing bahagi: (a) pagpapaunlad ng pagmamay-ari ng lupa; (b) serbisyong pansuporta at pagtaas ng produksyon; at (c) paghahatid ng katarungang agraryo.

Sa kabila ng mayor na layunin ng CARP na pamamahagi ng lupain at pagbibigay ng katarungang panlipunan, nananatili pa rin ang kawalan ng lupa sa hanay ng mga magsasaka sa kanayunan. Sa pagsusuri ng KMP, hindi nabigyan ng solusyon ng CARP ang kawalan ng lupa ng mga mahihirap na magsasaka. Naging kasangkapan pa ang CARP upang higit na magkaroon ng mga lupain ang mga panginoong maylupa. Maraming mga butas ang CARP upang malusutan ng mga panginoong maylupa ang programang ito, nariyan ang pagpapalit gamit ng lupa,

Talahanayan 5: Mga Bahagi ng CARP at ang mga Tagapagpatupad na Ahensiya

Mga Bahagi ng Programa	Mga Tagapagpatupad na Ahensiya
A. Mga Aktibidad sa Aktwal na Paglilipat ng Lupa - Pagsusukat ng lupa - Pagbibigay ng halaga sa lupa - Pagtitulo at pag-rehistro ng lupa - Pamamahagi ng lupa B. Mga Aktibidad na Di-Aktwal na Paglilipat ng Lupa - <i>Leasehold Operation</i> - Hatian sa produksyon at tubo - <i>Stock Distribution Option</i> C. Pagpapaunlad ng mga Benepisyaryo - Serbisyong Ekstensyon (hal., Pagsasanay, Tulong Teknikal, atbp.) - Pagpapautang - Tulong sa Imprastraktura tulad ng kalsada, tulay, Irigasyon at iba pang mga pasilidad D. Paghahatid ng katarungang pansakahan	DENR, DAR LBP LRA DAR, DENR DAR DAR, DTI, DOLE, NIA LBP, DPWH, NIA, DTI, DAR

Pinaghalawan: Batara, 1996 p.22

Stocks Distribution Option, at mga eksempsyon ng mga lupain mula sa CARP. Naging tulay pa ang CARP upang tuluyang mawalan ng lupain ang mga magsasaka sa anyo ng pagpapalit-gamit ng lupa, pagkakaloob ng mga lupain sa malalaking *agro-industrial* na mga korporasyon, at ang patuloy na pagkakansela sa mga *Certificate of Land Ownership Award (CLOA)* at *Emancipation Patents (EP)* ng mga magsasaka.

**Talahanayan 6. Land Distribution Accomplishment and Balance*
(As of June 2007)**

LAND TYPE	SCOPE	ACCOMPLISHMENT	
		TOTAL	BALANCE
DAR	4,972,617	3,669,983	1,302,634
Private Agricultural Lands (Ha.)		2,066,196	
Non-private Agricultural Lands (Ha.)		1,603,787	
Total No. of ARBs		2,176,960	1,078,204
DENR	3,837,999	3,088,109	749,890
Public Alienable & Disposable Lands (Ha.)	2,502,000	1,752,110	749,890
ISF/CBFM Areas (Ha.)	1,335,999	1,335,999	
Total No. of ARBs	2,847,012	1,986,479	860,533
TOTAL CARP (Ha.)	8,810,616	6,758,092	2,052,524
TOTAL CARP (No. of ARBs)	6,102,176	4,163,439	1,938,737

*Pinaghalawan: Department of Agrarian Reform; *under adjusted scope*

Batay sa ipinalabas ng Department of Agrarian Reform na ulat hinggil sa inabot ng pagpapatupad ng CARP sa ating bansa mula sa ginawang adjustment nito, malapit na nilang makamit ang isang daang porsiyento ng pagsasakatuparan ng layunin ng CARP (Tingnan ang Talahanayan 6). Ito din ang naging panawagan ng DAR ng mapaso ang CARP noong nakaraang Hunyo 2008. Kinakailangan pa ng ektensiyon ng CARP dahil sa kapos ito ng 23% sa target na 8,810,616 ektaryang lupang takda niyang ipamahagi.

Sa kabilang banda, patuloy ang pakikibaka ng mga magsasaka para sa kanilang karapatan sa lupa. Ang kanilang ipinaglalaman ay ang pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa - paglaban na madalas nauuwi

sa karahasan, pakikibaka na puno ng sakripisyo at pagbubuwis ng buhay. Tanging sandata ng mga magsasaka ay ang paninindigan nila para sa kanilang karapatang manatili sa kanilang mga lupain at ang pagkakaisa at pagbubuo ng organisasyon na magiging daluyan ng kanilang pinagsamang lakas at pagkakaisa. Ito ang katotohanang sinasalamain ng kuwento at pakikibaka ng BUFFALO (Bukidnon Free Farmers and Agricultural Laborers Association).

ANG CENTRAL MINDANAO UNIVERSITY: Mistulang Panginoong May-lupa sa Bukidnon

Ang Central Mindanao University (CMU), tinatag noong 1958, ay isang pampublikong unibersidad pang-agrikultura sa probinsiya ng Bukidnon, Rehiyon 10. Ayon sa opisyal na *website* ng CMU, binigyan ni dating Pangulong Carlos P. Garcia sa bisa ng Proklamasyon bilang 476 ng 3,401 ektaryang lupain ang CMU. Nagdulot ito ng problema sa mga Lumad, manggagawang bukid at taga-Musuan na matagal nang nakatira sa lupang sinakop ng CMU (Mission, 1999). Noong 1974, inamyendahan ang desisyon ng *Cadastral Court* bilang pagkonsidera sa programang reporma sa agraryo ng pamahalaan. Ibinigay ang 321.9 ektaryang lupain sa mga lehitimong nang-aangkin ng lupa samantalang ang CMU ay nabigyan ng titulo para sa 3,080 ektarya.

Sa maagang bahagi ng dekada sitenta, kumuha ang CMU ng mga manggagawang agrikultural para linangin ang lupa. Noong 1984, inilunsad ng unibersidad ang programang Kilusang Sariling Sikap Program (KSSP) na nagpapahintulot sa mga guro at kawani ng pamantasan na magbungkal ng ilang bahagi ng lupang sakop nito. Kapalit nito ay magbabayad ang mga empleyado ng renta sa lupa at bahagi ng kanilang ani.

PAG-USBONG NG PUNLA: Ang Pagbubuo Ng Organisasyon

Noong 1986, itinigil ang programang KSSP at ipinalit ang *CMU-Income Enhancement Program* (PAN-AP, 2007). Nang magtapos ang kontrata ng mga magsasaka sa CMU noong 1986, inorganisa nila ang kanilang mga sarili at itinatag ang Bukidnon Free Farmers and Agricultural Laborers Association (BUFFALO) noong ika-12 ng Pebrero, 1987 na may 252 kasapi mula sa pitong purok sa loob ng CMU. Ang lahat ng kasapi ay may mga tungkuling ginagampanan para sa maayos na pagkilos ng samahan.

Ang Pangkalahatang Asembliya ang pinakamataas na yunit ng BUFFALO. Ito ay binubuo ng lahat na kasapi ng organisasyon. Ito ang nagbabalangkas at nag-aaprubang mga plano at programa at naghahalal ng pamunuan sa lahat na antas ng istruktura ng organisasyon. Lahat ng mahahalagang desisyon at tunguhin ng organisasyon ay pinagkakaisahan sa regular na buwanang pulong ng GA.

Ang mga halal na opisyal tulad ng Tagapangulo, Pangalawang Pangulo, Pangkalahatang Kalihim at Ingat-Yaman ang mga tagapagpatupad ng programa sa pagkilos at sumusubaybay sa mga komite at sa mga gawain nito. Sila ay may regular na buwanang pulong at nagdaraos ng mga espesyal na pulong kapag kinakailangan o kung may mahalagang mga usapin na kailangang tugunan. Sila rin ang kumakatawan sa BUFFALO sa pakikipag-ugnayan nito sa iba't ibang ahensiya at organisasyon.

Nagtalaga ng pangulo at mga komite sa pitong purok kung saan nagmula ang mga kasapi ng BUFFALO upang mapadali ang pangangasiwa ng mga opisyal sa organisasyon. Ang *Komite sa Kaayusan at Kapayapaan* ay may tungkuling pangalagaan ang katahimikan at kapayapaan sa komunidad. Tinitiyak nito na natutupad ang mga patakaran ng organisasyon sa kaayusan. Ang *Komite sa Pinansiya* naman ang

tagakolekta ng P20.00 butaw mula sa mga kasapi na binabayaran tuwing pagkatapos ng anihan. Tinitiyak din nito na ang lahat ng kasapi ay nakakabayad sa itinakdang renta sa lupa ng CMU. Ang *Komite sa Edukasyon* ang tagapagtiyak na ang lahat ng kasapi ng organisasyon ay nakakakuha ng mga isinasagawang pag-aaral at pagsasanay. Ang *Komite sa Kalusugan* naman ang nangangasiwa sa nakatayong *health desk* sa komunidad. Binubuo ito ng mga kababaihang nagsanay para maging manggagawang pangkalusugan. Bukod sa pagsasanay ng modernong pamamaraan ng paggamot katulad ng pagkuha ng *vital signs*, nagsanay din sila sa alternatibong paraan ng paggamot katulad ng *accupuncture* at paggawa ng halamang gamot. Sa *Komite sa Pangangasiwa sa Sakahan* sumasangguni ang mga miyembro kapag mayroon silang problema hinggil sa mga gawain sa produksyon. Pinakahuli ay ang *Komite ng Sustenableng Pagsasaka* kung saan pinapalaganap ng organisasyon ang tradisyunal na paraan ng pagsasaka sa pamamagitan ng pagbibigay ng pag-aaral at paggamit nila ng mga tradisyunal na binhi ng palay at organikong paraan ng pagsasaka.

Ang mga komiteng nabanggit ay nagtutulong-tulong upang mas maayos na nagagampanan ng organisasyon ang mga iba't ibang gawain tulad ng edukasyon, pag-oorganisa, mobilisasyon, propaganda at adbokasiya, pampinansiya at pakikipag-alyansa.

Sa pamamagitan ng gawain sa edukasyon, napapanatili ang pagiging konsolidado ng organisasyon sa tuloy-tuloy na pagpapataas ng kamulatan at pagpapaunlad ng kasanayan. Ilan sa mga batayang pag-aaral sa komunidad ay ang mga sumusunod:

- a. Oryentasyon ng Organisasyon – ito ay paglililinaw sa kasaysayan, mga paninindigan at layunin ng organisasyon at mga karapatan at tungkulin ng mga kasapi;

- b. Kurso para sa mga Magsasaka – Dito inaaral ang mas malalim na ugat ng kawalan ng lupa ng uring magsasaka at ang pakahulugan ng tunay na repormang agraryo;
- k. Kasaysayan at Pakikibaka ng Lipunang Pilipino – Dito nakapaloob ang mga saligang suliranin ng lipunang Pilipino na binaybay sa pagtalakay ng kasaysayan ng bansa. Inaaral din dito ang ugnayan at tulungan ng iba't ibang pinagsasamantalang uri at sektor para bakahin ang ugat ng kahirapan sa lipunan;
- d. Pag-aaral sa Wastong Aktitud sa Pagkilos at Pamumuno – Tinatalakay sa pag-aaral na ito ang mga mahahalagang katangiang dapat taglay ng bawat isa para mapanatili ang pagkakaisa sa loob ng organisasyon. Binibigyang diin din dito ang prinsipyo ng pagpuna at pagpuna sa sarili;
- e. Kurso sa Pag-oorganisa – Dito natututunan ng mga magsasaka ang mga kasanayan sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagmomobilisa ng komunidad;
- g. Pagsasanay sa Paralegal – Dito nila inaaral ang iba't ibang batas lalo na ang tungkol sa lupa para malaman nila ang kanilang mga karapatan at kung paano nila magagamit ang mga ito para sa sarili nilang kapakinabangan;
- h. Talakayan hinggil sa mga isyung panlipunan - Sa mga talakayang tulad nito, naipapakita ang ugnayan ng mga isyung sektoral at pambansa; at
- i. Pagsasanay sa sustenableng pagsasaka – Tinatalakay nito ang paggamit ng mga tradisyunal na binhi sa pagsasaka at pagwaksi sa abono at pestisidyo. Pinapalaganap nito ang natural na paraan ng pagsasaka.

Hindi natitigil sa pagbubuo ng organisasyon ang gawain sa pag-oorganisa. Patuloy itong ginagawa ng mga lider magsasaka ng

BUFFALO upang manatiling buhay at malakas ang organisayon. Hindi rin nila ipinagdadamot ang kanilang lakas at kakayanan. Ang ilan sa kanila ay tumutulong sa pag-oorganisa sa mga magsasaka at manggagawang bukid sa mga plantasyon ng tubo, saging at pinya sa ibang lugar.

Sa gawain sa mobilisasyon, aktibo ang organisasyon sa pagpapakilos hinggil sa iba't ibang isyung sektoral, multi-sektoral at pambansa. Ilan sa mga ito ay komemorasyon ng Masaker sa Mendiola, Anibersaryo ng IRRI (International Rice Research Institute), CARP, PD 27, Araw ng Paggawa, Araw ng Kababaihan at Pandaigdigang Araw ng Karapatang Pantao. Lumalahok din sila sa mga pagkilos sa loob ng CMU kasama ng mga guro at estudyante katulad sa pagpapataliks sa dating presidente ng unibersidad. Sumali din sila sa mga serye ng pagkilos laban sa *Visiting Forces Agreement (VFA)* at *Balikatan Exercises* sa bansa. Aktibo rin sila sa mga pagkilos laban sa mga korporasyon ng *agro-chemical* na nakakapinsala sa kapaligiran at kalusugan at sa sektoral na kampanya sa pagpapataas ng presyo ng palay at paglaban para sa tunay na repormang agraryo.

Sa gawain sa propaganda at adbokasiya, ang mga lider magsasaka ng BUFFALO ay nakikipagpanayam sa mga tao sa midya, sa radyo at pahayagan at nagbibigay ng mga pananalita sa mga talakayan para maipabatid sa mga mamamayan ang kanilang pakikibaka sa lupa at ang tindig ng samahan sa mga isyung pambansa. Nag-iimbita rin sila ng mga tao sa akademya at taong simbahan, mula sa iba't ibang lugar para dumalaw sa kanilang komunidad at makita ang kanilang kalagayan at ang pinagmamalaki nilang sakahang gumagamit ng sustenableng paraan ng pagsasaka. Mayroon ding mga iniimbitahan ang KMP na galing sa ibang bansa upang makipamuhay sa kanilang lugar, dahil dito dumarami ang nakakaalam at nagpapalaganap ng kanilang isyu at pakikibaka.

Mayroong kooperatiba ng kiskisan ng palay sa komunidad na higit na mababa ang singil kaysa sa komersyal na kiskisan. Ang gawaing ito ay pinamamahalaan ng komite sa pinansiya. Mula sa kita ng kooperatiba kinukuha ang pambayad sa guro ng *Day Care Center* na pinatayo din ng organisasyon.

Kinikilala ng BUFFALO ang kahalagahan ng pakikipag-alyansa sa ibang mga organisasyon at indibidwal na pulitiko. Sa gawaing alyansa, dumadami ang napapaliwanagan at nakakatulong ng samahan hinggil sa iba't ibang isyu na kanilang hinaharap. Tuloy-tuloy ang ugnayan ng samahan sa mga kaalyado nitong organisasyon tulad ng RESIST (Resistance Against Agro-Chemical TNCs), MASIPAG (Magsasaka at Syentipiko para sa Pag-unlad ng Agrikultura) at mga indibidwal na lokal na pulitiko. Miyembro din ang BUFFALO ng BAYAN-Bukidnon, isang multi-sektoral na pederasyon sa probinsiya.

Mahalaga rin sa organisasyon ang gawaing pangkultura. Taunang ipinagdiriwang ng mga magsasaka ang anibersaryo ng pagkakatatag ng organisasyon tuwing buwan ng Pebrero. Nagkakaroon ng kasiyahan, kainan, mga pangkulturang pagtatanghal, mga palaro at pagpapakita ng kanilang mga produkto. Ang lahat ng kanilang mga kaibigan, ka-alyado at mga lokal na pulitiko ay inaanyayahan para dumalo sa pagdiriwang.

ANG PAKIKIBAKA PARA SA LUPA

Ang mga miyembro ng BUFFALO ay mga manggagawang bukid at mga empleyado na nawalan ng trabaho sa pagtatapos ng programang KSSP ng CMU. Ayon kay Florentino "Ka Jun" Macote, Jr., tagapangulo ng BUFFALO, nagsama-sama silang mga magsasaka dahil gusto nilang magkaroon ng lupa na pagkukuhanan ng ikabubuhay ang kanilang pamilya.

Sa pamamagitan ng organisasyon, magkakasama nilang pinag-aralan ang CARP, na ayon kay Pang. Aquino ay siyang tatapos sa problema sa lupa sa buong bansa. Ito ang kanilang mga pinagbatayang probisyon:

- a. Ang repormang agraryo ay ang pamamahagi muli ng lupa, anumang klase ng pananim dito, sa mga magsasaka at regular na manggagawang bukid na hindi nagmamay-ari ng lupa, na walang kinalaman sa kasunduan sa pag-aari ng lupa, na saklaw ang kabuuan ng katangian at serbisyong pansuporta na dinisenyo para i-angat ang kalagayang pang-ekonomiya ng mga benepisyaryo at lahat ng iba pang alternatibong kasunduan sa aktwal na pamamahagi ng lupa, tulad ng hatian sa produksyon at tubo, pamamahala ng paggawa, at pamamahagi ng parte sa hating-puhunan, na magbibigay-daan sa mga benepisyaryo na tumanggap ng karampatang hati sa produkto ng lupang kanilang pinagtatrabahuan. (Salin ng may-akda. *Agrarian reform means the redistribution of lands, regardless of crops or fruits produced, to farmers and regular farmworkers who are landless, irrespective of tenurial arrangement, to include the totality of factors and support services designed to lift the economic status of the beneficiaries and all other arrangements alternative to the physical redistribution of lands, such as production or profit sharing, labor administration, and the distribution of shares of stock, which will allow beneficiaries to receive a just share of the fruits of the lands they work.*)
- b. Ang manggagawang-bukid ay isang tao na nagbibigay ng serbisyo na may karampatang halaga bilang empleyado o manggagawa sa isang pang-agrikulturang negosyo o sakahan, sa kabila ng kung siya man ay binabayaran ng arawan, lingguhan, buwanan o pakyawan. (Salin ng may-akda. *Farmworker is a natural person who renders service for value as an employee or laborer in an agricultural*

enterprise or farm regardless of whether his compensation is paid on a daily, weekly, monthly or "pakyaw" basis.)

Nagharap ng petisyon noong 1988 ang BUFFALO sa *Department of Agrarian Reform Adjudication Board (DARAB)* para isailalim sa CARP ang may 1,200 ektaryang lupaing agrikultural ng CMU. Noong 1989, naglabas ng desisyong umaayon sa mga magsasaka ang DARAB. Sa pamamagitan ng isang *writ of execution*, inutusan ng DARAB ang CMU na maglaan ng 400 ektaryang lupa para ipamahagi sa mga kawa'ipikadong magsasaka. Natuwa ang mga magsasaka sa nilabas na kautusan subalit hindi lubos ang kanilang kasiyahan sapagkat 1,200 ektarya ang kanilang ipinetisyon. Ito ay batay sa orihinal na sakop ng Kilusang Sariling Sikap Program (KSSP) kung saan isinama ng mga magsasaka ang mga lupaing sakop ng CMU na sa pagkakaalam nila ay hindi naman ginagamit ng unibersidad. Apat na daan (400) ektarya lamang ang pinagkaloob sa kanila ng DAR dahil sa pinagbatayan naman nito ang mga orihinal at kinikilala nila na miyembro ng BUFFALO.

Nabalitaan ng mga magsasaka sa ibayong pook na sakop din ng CMU ang pagbibigay ng lupa sa mga kasapi ng BUFFALO. Dahil dito, nagbuo din sila ng organisasyon, ang TAMARAW (Tried Agricultural Movers Association of Rural Active Workers) na may 48 miyembro at LIMUS (Landless Inhabitants of Musuan) na may 105 miyembro. Pinagkalooban naman ng DAR ang TAMARAW at LIMUS ng 600 ektaryang lupain upang kanilang paghatian. Ang naging batayan ng DARAB para sa pamamahagi ng lupa sa TAMARAW at LIMUS ay ang desisyon nito ukol sa BUFFALO. Kinilala ng DARAB na hiwalay na organisasyon ang dalawa, kaya't may hiwalay na lupa na ipinagkaloob sa kanila, ngunit mas maliit dahil higit na kakaunti ang miyembro nila kaysa BUFFALO.

Nag-apela ang CMU sa *Court of Appeals* (CA) batay sa kanilang pagtatanong sa awtoridad ng DAR sa mga lupain ng CMU. Isinama rin sa pagtatanong ng CMU sa BUFFALO bilang tunay na benepisyaryo ng mga lupain. Noong Agosto 20, 1990, sinang-ayunan ng CA ang desisyon ng DARAB sa pagbibigay ng lupa sa mga kwalipikadong magsasaka ng BTL (BUFFALO-TAMARAW-LIMUS). Taong 1991 nang natanggap ng mga magsasaka ang kanilang mga CLOA.

Masigla ang gawaing pag-oorganisa ng mga magsasaka sa panahong ito. Bagama't may iba't ibang dinamismo ang tatlong organisasyon ng magsasaka sa loob ng CMU, sila ay nagsama-sama para sa pagharap sa laban sa lupa. Mahigpit ang ugnayan nila sa isa't isa. Nagpapalitan at nagkokonsultahan sila ng mga opinyon at suhestiyon kung paano tutugunan ang kanilang problema sa lupa. Pumaloob ang BTL sa pamprobinsiyang samahan ng mga magsasaka, ang Kahugpungan sa Mag-uuma sa Bukidnon (KASAMA-Bukidnon). Sa antas pambansa naman ay pumaloob ang KASAMA-Bukidnon sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), ang pambansang pederasyon ng magsasaka at manggagawang-bukid.

TAGTUYOT AT TAGLAGAS

Muling umapila ang CMU at inakyat ang kaso sa Korte Suprema. Katulad ng kanilang apela sa Court of Appeals tinatanong din nila ang awtoridad ng DAR sa lupain ng CMU, pinataas din nila ang kanilang argumento sa pamamagitan ng pagkuwestiyon mismo sa CARP at ang mga saklaw nito, mga lupain sakop at mga benepisyaryo. Dahil dito pinag-aralan mismo ng mataas na kapulungan ang batas at lumabas ang isang butas dito. Ito ang naging desisyon nila sa kasong CMU vs. DARAB et al. Ito ay ang kauna-unahang desisyon ukol sa eksempsyon sa CARP.

Noong ika-21 ng Oktubre taong 1992, naglabas ang Korte Suprema ng desisyon na pumapabor sa CMU at nagbaliktad sa desisyon ng DARAB at CA. Ayon sa Korte Suprema, “ang lupa ay hindi sakop ng CARP dahil ito ay aktuwal, tuwiran at eksklusibong ginamit at napatunayang kailangan para sa lugar ng paaralan at mga kampus kasama ang istasyon ng eksperimental na sakahan na pinatatakbo ng paaralan para sa layuning pang-edukasyon, mga halamang buto at pagsasaliksik ng mga halamang buto at *pilot production centers*” (CMU vs. DARAB, 215 SCRA 86, 1992).

Dagdag pa ng Korte Suprema, ang CA at DARAB ay gumamit ng “*grave abuse of discretion*” sa desisyon nito. Sa desisyon ng Korte, ang CMU ang nasa tamang posisyon ng pag-alam sa paggamit ng lupa at hindi ang DAR (CMU vs. DARAB, 215 SCRA 86, 1992).

Alinsunod sa desisyon na ito, nagsimulang manggipit ang CMU sa mga magsasaka. Binarahan nito ang mga daanan ng patubig na siyang nakaapekto sa gawaing produksyon ng mga magsasaka. Nguni’t sa halip na umalis ang mga magsasaka, lalong tumibay ang paninindigan nilang manatili sa lupa (PAN-AP, 2007).

Sa kabila ng paninindigan ng mga miyembro para manatili sa lupa, may ilan pa ring pinanghinaan ng loob. May ilang mga pamilyang umalis sa lugar sa takot sa nakaambang demolisyon sa kanila ng CMU. Walang alternatibong plano ang CMU sa mga magsasaka dahil sa pinaninindigan nito na iskwat ang mga magsasaka sa kanilang lupain. Ilan din sa mga lider nila ay tumigil sa pagkilos dahil sa demoralisasyon. Sa panayam kay Ka Jun, isang lider ng BUFFALO, isinalarawan niya ang yugtong ito na pinakamatinding pagsubok na pinagdaanan ng kanilang organisasyon. Dagdag pa niya, umalis din ang BUFFALO sa KMP at nakipag-alyansa ito sa mga non-government organization (NGO) at pulitiko sa Bukidnon.

MULING PAGLAKAS NG ORGANISASYON

“Saan kami pupunta kung aalis kami? Naniniwala kami na may karapatan kaming manatili sa lugar dahil may mga hawak kaming CLOA at nanalo kami sa Court of Appeals. Higit sa lahat, kami ang nagpaunlad sa lupa, kami ang nagbungkal nito. Kailangan naming maging matatag.” - Ka Jun

Sa kabila ng demoralisasyon ng mga dating lider dahil sa sinapit ng kanilang kaso sa Korte Suprema, mas maraming mga miyembro ang naging matatag. Desidido silang manatili sa lugar. Muli silang nag-organisa sa kanilang hanay upang mabuhay ang pag-asa ng mga tao. Naghalal muli ang mga miyembro ng mga panibagong lider noong 1996, isa na dito si Ka Jun. Ayon kay Ka Jun, nakita nila ang pangangailangang ikonsolida ang mga miyembro para muling sumigla ang organisasyon. Naging sunod-sunod ang gawaing edukasyon sa loob ng organisasyon.

“Ang importante, may laman ang isip. Mahalaga ang lupa para sa aming mga nagbungkal. Kailangan namin itong protektahan. Kailangang maunawaan ng mga miyembro sa pamamagitan ng edukasyon ang kahalagahan ng organisasyon at pagbubuklod para depensahan ang aming lupa’t kabuhayan.” – Ka Jun

Natutuhan ng mga tao na suriin at aralin ang kanilang kalagayan at naging karanasan. Sa kanilang pagsusuri, nakita nila na sa korte ay wala na silang laban sapagkat mismong Korte Suprema na ang nagbaba ng desisyon. Ang mas mahalaga ay ang kanilang pagkakaisa at pagsasama-sama para

ipaglaban ang karapatan nila sa lupa. Dito nila napagtanto na ang kanilang pakikibaka sa lupa ay hindi lamang usaping pang-ekonomiya kundi isang pakikibakang pulitikal. Nagkaisa rin sila na muling pumaloob sa KMP noong 1996. Sa sanaysay ni Ka Jun, sinabi niyang malaki ang naitulong ng KMP sa pagbibigay ng payo sa kanila at sa pagpapatampok ng kanilang isyu sa loob at labas ng bansa.

Taong 1999, itinayo ng KMP at BUFFALO ang Task Force BTL na kinabibilangan ng Buffalo, Tamaraw, Limus, KMP, KASAMA-Bukidnon, Sentro para sa Tunay na Repormang Agraryo (SENTRA), National Network of Agrarian Reform Advocates (NNARA) at NNARA-Youth. Layunin nitong pangunahan ng KMP ang pagdadala ng kampanya ng BTL sa pambansa at internasyunal na larangan. Ang *Task Force* ay pana-panahong nagpap plano at nagpapatupad ng kampanya at pakikibaka ng BTL. Sa pambansang antas, ginagampan ng mga pambansang organisasyon at institusyon ang pakikipag-usap sa Committee on Higher Education (CHED), mga miyembro ng lehislatura, DAR, mga tao sa simbahan, akademya at iba pang mga propesyunal. Sa pandaigdigang larangan, ang KMP ang nagtitiyak sa adbokasiya para sa laban ng BTL at nangangalap ng suporta sa iba't ibang organisasyong internasyunal. Tinitiyak naman ng BTL at KASAMA-Bukidnon ang kampanya sa lokal at higit pang konsolidasyon ng BTL.

Kinilala ng mga internasyunal na organisasyon katulad ng Pesticide Action Network in Asia and the Pacific (PAN-AP), People's Coalition on Food Sovereignty (PCFS), Action Solidarite Tiers Monde (ASTM) mula sa Luxembourg, at ng Asian Peasant Coalition (APC) ang pakikibaka ng BUFFALO para sa lupa. Madami ding natutunan ang mga lider ng BUFFALO sa pakikipagpalitan ng karanasan sa ibang mga sangay ng KMP. Natuklasan nila na maraming mga kaso ng lupa na kahalintulad ng sa kanila. Wika ni Ka Jun, "*Hindi pala kami nag-iisa, ang aming laban sa lupa ay laban ng buong sambayanan.*"

ANG MEMORANDUM OF AGREEMENT SA PAGITAN NG CMU AT BTL

Nang maupo bilang presidente ng CMU si Dr. Mardonio M. Lao noong Hulyo 1999, sinubukan niyang paalisin ang mga magsasaka gamit ang *writ of demolition* na inilabas ng DARAB. Dinulog ng tatlong organisasyon ng magsasaka sa loob ng CMU at KASAMA-Bukidnon ang panibagong banta sa kanila sa pambansang opisina ng KMP. Tumulong ang KMP sa pakikipag-usap sa mga kongresista para maglunsad ng imbestigasyon sa nagaganap na labanan sa lupa sa loob ng CMU (PAN-AP, 2007).

Noong ika-26 ng Marso taong 2000, nagsagawa ng imbestigasyon ang *Committee on Agrarian Reform* ng Mababang Kapulungan ng Kongreso. Dito nakita ng mga miyembro ng komite ang maunlad na pagsasaka sa komunidad, at wala silang makitang dahilan para paalisin ang mga magsasaka sa lugar.

Nagkaroon ng serye ng negosasyon mula Hunyo 2000 sa pagitan ng pinagsanib ng samahan ng BTL at CMU para humanap ng katanggap-tanggap na solusyon higgil sa problema sa lupa. Noong ika-19 ng Pebrero ng 2001, pumasok sa isang *Tripartite Memorandum of Agreement* ang CMU, bilang unang partido, at ang BTL, bilang pangalawang partido, kasama ang Opisina ng Kongresista ng Pangatlong Distrito ng Bukidnon na kinatawan ni Cong. Juan Miguel F. Zubiri, bilang pangatlong partido. Nakasaad sa kasunduan na papaloob ang BTL sa limang taong kontrata sa pag-upa sa 400 ektaryang lupa ng CMU. Magbabayad ang miyembro ng organisasyon ng PhP 4,000.00 bawat ektarya sa bawat taon ng pag-upa. Napagkasunduan din ang pagbuo ng *Task Force* na pamumunuan ng Kongresista ng Ikatlong Distrito ng Bukidnon kasama ang presidente ng CMU, Mayor ng Munisipyo ng Maramag, Provincial Agrarian Reform Office (PARO) ng Bukidnon, at

mga tagapangulo ng BUFFALO, TAMARAW at LIMUS. Pangunahing tungkulin ng Task Force ay tiyakin ang pagsunod ng mga kinauukulan sa mga nakasaad sa MOA. Ang pangatlong partido naman ay naatasang maghanap ng maayos na relokasyon na mapaglilipatan ng mga magsasaka ng BTL. Ang implementasyon ng kasunduan ay sinimulan pagkatapos mapirmahan ang *Contract of Lease* noong ika-10 ng Marso, 2002.

Nagtapos ang kontrata sa pagitan ng CMU at BTL noong Marso 10, 2007. Nakatanggap ang mga magsasaka ng sulat na may petsang Marso 9, 2007 mula sa administrasyon ng CMU na nagsasaad na binibigyan ang mga magsasaka ng tatlong buwan para umalis sa lugar. Sa pagtatapos ng kontrata, hindi na pinahintulutan ang mga magsasaka na magbungkal sa kanilang lupa.

Ito ang panibagong hamon na kinakaharap ng mga magsasaka sapagkat walang nahanap na relokasyon ang Task Force para mapaglipatan nila katulad ng nakasaad sa MOA. Sa kabiguang humanap ng relokasyon, inalok ni Kong. Zubiri ang mga magsasaka ng PhP 40,000.00 kapalit ng pag-alis sa lugar. Hindi ito tinanggap ng mga magsasaka. Nanindigan sila na mananatili sa kanilang mga lupain at ipaglalaban ang kanilang karapatan sa lupa.

Ayon kay Ka Jun, nahihirapang maghanap ng relokasyon para sa kanila ang lokal na pamahalaan sapagkat malaking bahagi ng kalupaan ng probinsiya ng Bukidnon ay pag-aari o kundi man ay nakapaloob na sa mga *lease agreement* sa pamahalaan ang mga malalaking korporasyong pang-agrikultura tulad ng Del Monte Philippines Incorporated, Lapanday Diversified Products Corporation, Mt. Kitanglad Agri-Development Corporation, Bukidnon Sugar Milling Company, Agaropyta Philippines, Incorporated, DOLE Philippines, Bukidnon Greens Incorporated at Valencia Rubbertec. Sa bahagi naman ng CMU, may 598.79 ektaryang lupain nito

na pinauupahan para sa negosyong pang-agrikultura, na ang ilan ay pagmamay-ari ng dayuhan. Hindi na bago sa mga magsasaka ang balitang nais silang paalisin ng administrasyon ng CMU sa lugar para paupahan ang lupang sinasaka nila sa mga malalaking korporasyong pang-agrikultura. Sa report ng PAN-AP, nakasaad na noong 1997, nagdesisyon ang Board of Regents na ipaupa ang 400 ektaryang lupa sa RGR Agri-Ventures at 600 ektarya sa Bukidnon Resources Company, Inc., mga korporasyong nakatutok sa produksyon ng mga *high value crops*.

Naglunsad ang Asian Peasant Coalition, isang koalisyon ng mga organisasyon ng mga magsasaka sa Asya na pinangungunahan ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, ng International Fact Finding Mission (IFFM) noong Hulyo 6-7, 2007 sa loob ng CMU. Naglalayon ang IFFM na mangalap ng datos hinggil sa mga ulat ng panggigipit sa mga magsasaka ng BTL at tumugon sa nakaambang pagpapaalis sa kanila. Napatunayan ng IFFM ang paggamit ng dahas ng CMU para paalisin ang mga magsasaka. Ang isang insidente ay noong ika-22 ng Hunyo taong 2007 kung saan pinaputukan ng baril ng mga gwardiya ng CMU ang mga magsasakang lumusong sa bukid para linangin ang tatlong buwan nang nakatiwangwang na lupa. Sa salaysay ng mga biktima, napilitan silang magtrabaho sa kanilang bukirin sapagkat malapit nang maubos ang kanilang na-impok na pagkain. Naniniwala rin sila na hindi dapat sila pinagbabawalan ng CMU na magtrabaho sa bukid kahit nagtapos na ang MOA sapagkat wala pa namang nahahanap na relokalasyon para sa kanila.

Bunga ng IFFM, napilitan ang CMU na pulungin ang Task Force noong Hulyo 19, 2007. Dito muling iginiit ng BUFFALO ang nakasaad sa MOA na bigyan sila ng maayos na relokalasyon bago sila paalisin sa CMU.

Mula ika-10 hanggang ika-30 ng Setyembre 2007, nagpadala ang BTL ng kinatawan sa Maynila upang magsagawa ng serye ng pakikipag-

usap sa mga mambabatas para sa ekstensyon ng kanilang *contract of lease* sa CMU. Kasama ang KMP at Tanggol Magsasaka, nakuha nila ang pagsang-ayon nina Rep. Teodoro Casiño, Rep. Satur Ocampo, Rep. Luzviminda Ilagan, Rep. Teofisto Guingona III, Rep. Jose F. Zubiri III, at Rep. Cynthia Villar hinggil sa hinihinging ekstensyon ng kanilang kontrata sa CMU. Mula ika-12 ng Nobyembre hanggang ika-1 ng Disyembre taong 2007, muling nagpadala ang Buffalo ng kinatawan sa Maynila para sa ikalawang serye ng pag-uusap. Katuwang ang KMP, nakuha nila ang suporta nila Sen. Miguel Zubiri, Sen. Francis Escudero, Sen. Allan Cayetano at Sen. Jamby Madrigal. Hindi pa tapos ang usaping ito, ngunit patuloy ang paglaban ng mga magsasaka ng BTL.

PAKIKIBAKA PARA SA SUSTENABLENG AGRIKULTURA

Hindi lamang usaping pakikibaka sa lupa ang binibigyang pansin ng BUFFALO. Isa sa pinangangalagaang tagumpay ng organisasyon ay ang kanilang programang pansakahan na higit na mapakikinabangan ng mga magsasaka. Sa tulong ng mga organisasyon katulad ng KMP, ASTM, RESIST, MASIPAG at iba pang mga kaalyado nito, nasimulan at napaunlad ng BUFFALO ang kanilang programang sustenableng agrikultura o “*sustainable agriculture*.” Sa ilalim ng programang ito pinapaunlad nila ang organikong paraan ng pagsasaka at pagtatanim ng mga tradisyunal na binhi. Hindi na sila nagtatanim ng mga binhi ng palay na nangangailangan ng kemikal na abono at pestisidyo. Gumagamit sila ng organikong pataba sa lupa at tradisyunal na binhi. Ito ay malaking kabawasan sa kanilang gastos sa produksyon. Ang resulta nito, bumaba ang gastos sa produksyon at tumaas ang ani ng mga magsasaka. Bukod pa dito, napapangalagaan din nila ang kapaligiran at natural na *ecosystem* sa palayan. Dagdag pang benepisyo ng programang ito ay ang pag-iwas sa sakit ng mga mamamayan na dulot ng mga kemikal at pestisidyo.

Sa kasalukuyan, mayroong mahigit na 300 uri ng tradisyunal na binhi sa *community seed bank* ng BUFFALO. Limang taon na ang programang ito. Sa simula ay nahirapan ang mga magsasaka sa pagtanggap sa programa dahil sa nakasanayan na nila ang pagtatanim ng mga *high yielding varieties* (HYV) at paggamit ng kemikal sa pagsasaka. Para mahikayat ang mga magsasaka na tangkilikin ang bagong programa, gumawa ng *demo farm* kaalinsabay ang paglulunsad ng mga serye ng seminar ukol dito. Nang makita nila ang produkto ng *demo farm*, dito nahikayat ang mga magsasaka na gumamit ng sustenableng paraan ng pagsasaka.

PAGTATAPOS

Kung susuriin, ang naging karanasan ng BUFFALO, bilang organisasyon ng mga magsasaka na ang hangarin ay ang pagkakamit ng lupang masasaka, ay higit na nagpatibay sa kanila. Patuloy ang paglakas ng kanilang hanay, may pagkilala na sa kanilang mga kampanya sa loob at labas ng bansa, at nananatili pa rin sila sa kanilang mga lupain sa kabila ng mga banta ng pagpapaalis sa kanila at maging banta sa kanilang mga buhay.

Nagsimula sila sa pag-asa na makakamit ang kanilang minimithing lupain sa pagpasok sa CARP, ngunit binigo sila ng batas na ito. Sa halip na manatili sa pagkalugmok, pinatalas nila ang kanilang isip sa pamamagitan ng pagsusuri sa kanilang karanasan at kalagayan. Nagdesisyon silang higit pang pataasin ang kanilang pakikibaka mula sa pang-ekonomyang kagalingan hanggang sa antas ng pulitika kung saan hinahamon nila ang pamahalaan na ipagkaloob ang lupang hindi lamang para sa kanila kundi para sa lahat ng mga magsasaka sa buong Pilipinas. Napatibay din ang kanilang paniniwala na ang pakikibaka ng mga magsasaka para sa lupa ay hindi lamang laban ng mga magsasaka kundi laban ng lahat ng mamamayang inaapi at pinasasamantalahan.

Susi sa tagumpay ng BUFFALO ang **mahusay at solidong pag-oorganisa**. Mula ng maitatag ang organisasyon hanggang sa kasalukuyan, naging mahusay na sandata ito sa pananatiling buhay at nagkakaisa ang organisasyon. Komprehensibong inorganisa ng mga magsasaka ang mga kababaihan, kabataan, kapwa nila magsasaka at maging ang mga kawani ng CMU at mga manggagawa na naniniwala sa kanilang ipinaglalaban. Tumagos pa hanggang sa ibang baryo ang kanilang pag-oorganisa nang maging bahagi sila ng pagtatayo ng LIMUS at TAMARAW. Kinilala ng mga kababaryo nila ang pamumuno ng BUFFALO at ng mga opisyal nito. Malaki ang naging papel nila sa mga pagsasagawa ng desisyon maging sa kanilang pamayanan. Maging ang pagtulong sa pag-oorganisa ng mga magsasaka at manggagawang bukid sa ibang lugar ay naisasakatuparan ng BUFFALO dahil sa kanilang husay sa gawaing ito.

Malaki din ang naitulong ng **pagiging bukas** ng BUFFALO sa mga puna at pagbabago sa kanilang organisasyon. Dito nila pinatutunayan na natututo sila sa karanasan ng bawat miyembro ng kanilang samahan. Dahil din sa kanilang pagiging bukas ay napapadali ang paghimok nila sa kanilang mga miyembro at maging sa kanilang pamayanan para makibahagi sa kanilang mga gawain, programa at proyekto. Bukas ang pamunuan ng BUFFALO para sa mga suhestiyon ng kanilang mga miyembro. Kaakibat ng pagiging bukas ay ang pagiging **demokratiko at mapanlahok** ng kanilang organisasyon. Isinasangguni sa mga miyembro ang mga desisyon ng organisasyon at pamunuan nito. Regular ang buwanang pulong ng organisasyon na dinadaluhan naman ng mga miyembro at opisyal. Dito nila nabubuo ang mga desisyon at paninindigan sa mga isyu at usaping kinakaharap ng kanilang samahan. Kalahok sa lahat ng mga usapin ang mga miyembro ng organisasyon. Lahat din ng miyembro ay may ginagampanang tungkulin sa pamamagitan ng mga komite ng organisasyon. Mahalaga ang mga opinyon ng bawat isa sa mga usapin, isyu, problema na hinaharap ng organisasyon.

Hindi rin maitatanggi na malaki ang naitulong ng **masikhay na gawaing edukasyon** sa loob ng kanilang organisasyon. Mulat na hinarap ng mga miyembro ng BUFFALO ang kahalagahan ng kanilang ipinaglalaban. Ang katumpakan ng kanilang paninindigan ay bunga ng kanilang mahusay na kampanya para pataasin ang antas ng kamulatan ng kanilang mga miyembro.

Ang **malawak at mahusay na lambat ng suporta** ay nagbigay daan upang magkaroon ng pambansang saklaw ang laban ng BUFFALO sa lupa. Sa tulong ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) at mga kaalyado nito nakakuha ng malawak na suporta ang mga magsasaka ng BUFFALO. Nakatulong ang KMP sa mga pakikipag-usap sa mga mambabatas sa loob ng kongreso at senado para makakuha ng suporta sa kanilang laban para sa lupa. Kasama ang BUFFALO sa mga malakihang pagkilos na inilulunsad ng KMP sa Kamaynilaan. Nagkaroon ng pagkakataon na makakuha ng suporta ang BUFFALO sa labas ng bansa sa tulong din ng mga kaibigan at kaalyado ng KMP, katulad ng APC, PAN-AP, PCFS, International League of Peoples' Struggle (ILPS) at International Alliance against Agrochem TNCs (IAAATNC). Kasama ang BUFFALO sa mga kampanya ng KMP sa loob at labas ng bansa sa anyo ng mga petisyon, resolusyon at pagkuha ng suporta para sa laban ng mga magsasaka.

Sa huli ang **matibay na paninindigan at katumpakan ng pagsusuri** sa laban ng BUFFALO ang nagpapanatili ng kanilang organisasyon. Makatwiran at tama na manatili ang mga magsasaka sa kanilang lupain. Para sa mga magsasaka ang lupa ang kanilang buhay. Katulad ng mga magsasaka ng BUFFALO mahalaga para sa kanila ang lupa. At patuloy nilang ipinaglalaban ang kanilang karapatan dito. Kaakibat nito ang kanilang **militanteng pagkilos** sa harap ng matitinding bigwas sa kanila ng pamunuan ng CMU, lalong tunitibay ang pagkakabigkis ng mga miyembro ng BUFFALO.

Pinatunayan ng karanasan ng BUFFALO na hindi talaga ipagkakaloob ng pamahalaan ang kanilang kahilingan sa ilalim ng CARP. Maraming butas ang batas na ito na ginagamit ng CMU para mapaalis ang mga magsasaka. Sa kabilang banda ay nangangalap ng mas maraming suporta ang BUFFALO para isabatas ang Genuine Agrarian Reform Bill o House Bill 3059 na isinumite ng mga kinatawan ng mga partylist na Anakpawis, Bayan Muna at Gabriela Women's Party. Naniniwala ang BUFFALO na ang panukalang batas na ito ang magpapatupad ng tunay na reporma sa lupa sakaling maisabatas ito. Layunin din ng panukalang batas na ito na palitan ang CARP. Subalit kinikilala ng BUFFALO ang magiging papel ng Kongreso para pigilan ito dahil 64% ng mga kinatawan sa kongreso ay mga panginoong maylupa. Gayunpaman, umaasa pa rin ang BUFFALO na maipasa ang batas na ito.

Sa kabila ng mga banta, pananakot at pandarahas sa mga miyembro ng BUFFALO nananatili silang nakatayo at lumalaban para sa kanilang karapatan sa lupa. Handa nilang ibuwis ang kanilang buhay makita lamang ang tagumpay ng kanilang laban. Malinaw sa kanila na ang aasahan nila sa labang ito ay ang matibay nilang paninindigan at pagkakaisa at katumpakan ng kanilang panawagan para sa tunay na reporma sa lupa. Handa nilang ipaglaban ang mga tagumpay na nakamit na nila bilang isang organisasyong matibay, matatag at may malawak na suporta sa kanilang pakikibaka.

Nagsama-sama sila dahil sa problema nila sa lupa, sa hangaring mabuhay ng disente at mapakain ang kanilang mga anak at pamilya. Nabuo ang kanilang organisasyon, napalakas at napayabong nito ang binhi ng kanilang pagkakaisa. Napatatag ang kanilang samahan, hanggang sa huli ay ipaglalaban nila ang kanilang mga nasimulan.

Sanggunian

- Batara, J. (1996). *The Comprehensive Agrarian Reform Program More Misery for the Philippine Peasantry*. Quezon City: Ibon Books.
- CARL. (1988). *Republic Act No. 6657 or Comprehensive Agrarian Reform Law of 1988*.
- Castañeda, D. (2007). Land Row in Mindanao University Heats up, Guards Shoot at Farmers. *Bulatlat*. Retrieved from <http://www.bulatlat.com/2007/07/land-row-mindanao-university-heats-guards-shoot-farmers>
- Castañeda, D. (2007). Land to the Tillers Remains an Elusive Dream. *Bulatlat*. Retrieved from <http://www.bulatlat.com/2007/12/land-tillers-remains-elusive-dream>
- Center for Women's Resources. (2007). *Usaping Lila. Factsheet on Women's Situation*.
- Department of Agrarian Reform. TOMO 2: Repormang Agraryo: Pagbubuklat Ng Makasaysayang Kautusan. Retrieved Aug. 27, 2008 from http://www.dar.gov.ph/pdf_files/paralegal_guidebooks/vol2/ch_5.pdf
- Harrison, P. (1981). *Inside the Third World* (2nd ed.). New Zealand: Penguin Books.
- Ibon. (2008). *Birdtalk: Economic and Political Briefing*. Quezon City: IBON Foundation, Inc.

- International Action for Liberation (Producer). (2004). *Diagnosing Poverty, Building Community* (video documentary).
- Kilusang Magbubukid ng Pilipinas. (2005). *Ang Pambansang Kalagayan at Pakikibaka ng Magsasaka sa Ilalim ng US-Macapagal-Arroyo*.
- Lacorte, G. A. (2007). New Land Reform Law Eyed to Break Up Land Monopoly. *Bulatlat*. Retrieved from <http://www.bulatlat.com/2007/10/new-land-reform-law-eyed-break-land-monopoly>
- Manalili, A.G. (1984). *Pag-oorganisa ng Pamayanan Tungo sa Kaunlarang Mula sa Pilipino para sa Pilipino*. Manila: Kapatiran-Kaunlaran Foundation, Inc.
- Mission, G. (1999). Bukidnon farming communities as social laboratories?. *CyberDyaryo*. Retrieved from http://gina.ph/CyberDyaryo/features/cd1999_0923_003.htm
- National Statistics Office (NSO) survey on Employed Persons by Major Industry Groups, January 2003 – October 2006.
- Orejas, T. (2007). CARP farmers' 'death warrant,' says KMP. *Inquirer*. Retrieved from http://services.inquirer.net/print/print.php?article_id=70742
- PAN-AP & PCFS. (2007). *Braving the Bullets, Central Mindanao farmers struggle for genuine land reform, by Ilang-ilang Quijano*. Speak Out! Community Asserting their Rights to Food Sovereignty, a publication from PAN-AP and PCFS. Retrived from <http://www.foodsov.org/resources/bravingbullets.pdf>

Quijano, I. D. (2007). Umulan Man ng Bala Sa Bukirin. *Pinoy weekly Online*. Retrieved from http://www.pinoyweekly.org/pw6-26/feats/lat_1.htm

Senate Economic Planning Office (SEFO) Policy Brief July 2008. Broadening and Reinforcing the Benefits of Land Reform in the Philippines.

Uddin, G. C. (2007). Poor and Landless after 19 Years of CARP. *Davao Today*. Retrieved from <http://www.bulatlat.com/2007/12/poor-and-landless-after-19-years-carp>

Vallejos, R.S. (2007). *Genuine Land Reform or Stock Distribution: An Assessment of the Stock Distribution Option in Hacienda Luisita*. Unpublished thesis, University of the Philippines.

Website of Central Mindanao University. Retrieved Dec. 28, 2007 from <http://www.cmu.edu.ph>

Panayam kina Marbella, Wilfredo; Macote, Florentino Jr.; Nisperos, Gene